# MGA KUNEHO

BUOD:

May limang lalaking papasok sa isang bakal na kuwarto, pawang nakaitim at nakamaskara, pasan ang isang body bag. Mabibitawan nila nang aksidente ang body bag, at maririnig nilang tila buhay ang laman nito. May isang maglalabas ng baril, at tututukan ang iba, at uutusang buksan ang body bag. Pagkabukas, biglang lilitaw mula rito ang isa pang nakaitim, na may dalang baril. Babarilin niya ang lalaking nanutok ng baril, at ito'y mamamatay. Tulala ang lahat. Ipapasok nila ang bangkay sa body bag, at tatangkain na nilang lumabas sa kuwarto, ngunit malalaman nilang nakatarangka ito. Hindi sila makalabas. Matataranta silang lahat; mula sa labas, may magpapasok ng isang note, na nagsasabing, "Mali ang pinatay. Walang lalabas hanggang tama ang patayin." Wala sa kanilang nakaaalam kung sino ang dapat na pinatay. Hangga't hindi nila malaman, walang makakalabas. Sa huli, magkakapatayan silang lahat hanggang dalawa na lang ang matira. Matatauhan ang dalawang nalalabi, na sila'y tila pinaglalaruan ng mga tagalabas. Biglang paghiganti, maiisip nilang magpakamatay --- kung mamamatay man sila, hindi sa paraang gusto ng mga tagalabas, bagkus sa sarili nilang mga kamay. Bago sila makapagpatiwakal, bubukas ang pinto. Aalis silang dalawa, subalit isa sa kanila'y babalik: makikita niya ang karahasan, kawalang-pagkataong naganap sa loob ng bakal na kuwarto. Hinding-hindi na siya makaaalpas mula sa karanasang ito --- kaya't siya'y magpapatiwakal.

MGA TAUHAN

A, Lalaki, mga 25 taong gulang; may-baril; tanga

B, Lalaki, mga 20 taong gulang; masunurin; tanga

C, Lalaki, mga 21 taong gulang; laging natataranta; tanga

D, Lalaki, 18 taong gulang; adik; tanga

E, Lalaki, 45 taong gulang; nasa loob ng *body bag*; malamang tanga rin

Ang bawat tauhan ay nakasuot ng itim mula ulo hanggang paa, nakamaskara, at pawang mga tanga.

TAGPO

Ang tagpo ng mga pangyayari ay sa isang hungkag at silid na bakal; may dalawang pinto, na natatarangka mula sa labas.

May bahagyang paglipas ng oras mula sa katapusan ng Unang Bahagi at ng Ikalawa. Kung gaano katagal ay di-gaanong mahalaga.

UNANG BAHAGI

*[Kadiliman.*

*Bubukas ang pinto sa gawing kanan ng mga manonood. Lalabas ang apat na kalalakihan, nakaitim mula ula hanggang paa, nakamaskara, may dalang isang* body bag. *Sila sina A, B, C, at D.*

*Sa pagbukas ng pinto ay sasabog ang liwanag mula sa pinanggalingan nilang silid patungo sa sahig ng silid na tagpuan natin. May magsi-*switch *ng ilaw sa isa sa kanila, hindi mahalaga kung sino. May isa namang magsasara ng kabubukas na pinto.*

*Katahimikan, at halos* tableau – *buhat ng apat ang body bag.]*

A: Tara...dalhin na natin 'to sa kabila.

*[Patuloy ang kanilang paglakad patungo sa kabilang pinto. Ngunit, sa gitna nito'y parang matatapilok si C, at mabibitawan niya ang* body bag. *Dahil dito'y sunud-sunod na nilang mabibitawan ito – sasalagpak ang* body bag *sa sahig. Sa gitna ng pag-ungol nina A, B, C, at D na nagkabanggaan at nagkatapilukan, maririnig ang mahinang pag-ungol din mula sa* body bag. *Magugulilat ang lahat.*

*Nakaiilang na katahimikan.]*

D *[paanas sa kanyang sarili]*: ...putang inang 'yan...

C *[pabulong kay D]*: Ba't, ano'ng meron?

D: 'Di mo ba narinig - ang bwakaw ng inang 'yan...?

C: Ha -?

B: Umungol, o.

C: *What*?

D: Peksman, umungol ang putang inang 'yan –

C *[kay A]*: P're, narinig mo?

A: Ang alin?

B *[kay A]*: Umungol yung bangkay...

*[Katahimikan. Nakaiilang.]*

A: ‘La, a –

C: *Promise*.

*[Katahimikan.*

*Bigla – maghuhugot ng baril si A mula sa kanyang puwetan, magkakasa, at itututok ito kay C. Magtataasan ng kamay ang lahat pagkakita sa baril ni A.]*

A *[kay C; nakagugulat na sisigaw]*: Tayo! I-an-*zip* mo yung bady bag – dali!

B: May baril siya -

A: Tahimik! *[Balik kay C.]* Tangina mo ka – tayo! Buksan mo sabi yung bady bag -!

*[Dali-daling maghuhubad ng maskara si C, nanginginig at takot na takot, halos naiiyak, at nakahihiyang masdan. Maputi at makinis ang kanyang mukha, singkit ang mga mata, maayos ang buhok.]*

C: Pards -! Ayoko, pards!

A: Dali, sabi!

C: Putang ina -! Pards, *please*, pards, ayoko na...ayoko nang masangkot, *please* pare – pare, *please* –

*[Akmang dadaluhungin ni A si C, ngunit papagitna sa kanila si B -]*

B: Ako na lang. Ako na.

*[Nakaiilang na katahimikan, na babasagin ng iyak nang iyak at inuuhog nang si C.]*

C *[Wala na halos sa tamang isip sa sobrang pagkataranta]*: Putang ina, pare, *the agreement was* bawal magdala ng kahit ano! Wala naman sa *agreement* na puwede magdala ng baril, a -!

D *[Tatadyakan si C]*:`Tumahimik ka na!

C *[pabulong; parang bata; hinihimas ang tagilirang uminda sa tadyak ni D]*: E kasi...putang inang ‘yan, *the fucking body bag moved*, amputa...!

A *[nakatutok na kay B]*: Bilisan mo.

*[Dahan-dahang lalapit si B sa* body bag*. Dahan-dahan siyang luluhod. Dahan-dahan niyang hahatakin ang* zipper*, palingus-lingos sa baril ni A. Hahagipin niya hanggang paanan ang* zipper*, saka dahan-dahang tatayo. Sesenyasan siya ni A na humilig sa pader. Susunod si B.*

*Lalapit si A sa “bangkay”. Nang walang kaabug-abog – titindig ang nasa loob ng* body bag *(na nakaitim din mula ulo hanggang paa, at nakamaskara), maglalabas ng baril, itututok ito kay A, saka pipindot ng gatilyo.*

*Aalingawngaw sa bakal na silid ang ingay ng tira; nakabibingi.*

*Mapapahandusay ang bangkay ni A, kakalat sa bakal na sahig ang utak niya at dugo; nakaduduwal. Ang baril na hawak niya’y biglang titilapon malapit sa kinasasadlakan ng gulat na gulat na si C.*

*Sina B at D, sa sobrang pagkagulat, ay magtatanggalan din ng mga maskara. Si B ay kayumanggi, bakas ang sipag at pagod sa mukha, ngunit ang mata, kadalasa’y tuliro, di malaman kung dahil puno ng laman ang utak, o kaya’y walang-wala. Si D naman ay maputla, payat na payat, malalaki*

*ang ngipin, maitim ang labi at gilagid, palangiti ang mukha, hindi dahil matuwain kundi, dahil laging may malisyosong binabalak.*

*Tulalang-tulala sila.*

*Nakaiilang na katahimikan.*

*Pagkuwan, mula sa katahimikan ay biglang may maririnig na pagtugtog ng isang selepono –* polytone *na "*Together Forever*" ni Rick Astley. Nanggagaling ang ingay mula sa katawan ni A.]*

D: Puke ng amang *ringtone* 'yan...'Kakainis...

*[Kukunin nung lalaking galing sa* body bag *ang selepono, saka pupurbahin. Patuloy lang ang* ringtone*, na umaalingawngaw sa buong bakal na silid. Sasagutin ito ng lalaki. Nakaiilang na katahimikan. Pagkatapos ng napakatagal na panahon, ibabagsak ng lalaki ang selepono, at marahas niyang tatapak-tapakan. Pagkuwan, tututukan niya si B.]*

ANG LALAKING GALING SA *BODY BAG [E; kay B]*: Pulutin mo ang katawan, saka ipasok mo sa *body bag*. *[Puwang.]* Bilis.

*[Susunod si B.]*

D: Nakakagago 'to...*[kay E]* Bos, ayaw kong manggulo a, pero pagkalabas ng *body bag* na 'to, tapos na tayo, 'di ba? Matatanggap na namin yung bayad?

*[Tititigan lamang siy ni E.]*

'Di ba gano'n...?

*[Gayon pa rin.]*

...okey...

*[Matatapos ni B ang inutos sa kanya.]*

B: Ayos na.

E: Sige, buhatin na natin.

*[Ibubulsa ni E ang kanyang baril upang simulan ang pagbuhat sa bangkay. Lalapit ang lahat tungo sa bangkay sa* body bag*, liban kay C. Habang abala ang iba sa pag-angat sa bangkay, dahan-dahan niyang daramputin ang baril ni A na napadpad malapit sa kanya. Iiipit niya ito sa puwetan ng kanyang pantalon.]*

C: *No*...Aa-a-ayoko...

*[Titingnin ang lahat kay C.]*

Ayoko nang masangkot dito. *I'm leaving!*

*[Akmang lalabas si C, ngunit huhugutin muli ni E ang kanyang baril. Tatahimik si C pagkakita rito. Biglang itututok ni E ang kanyang baril kay B.]*

E *[kay B]*: Sampalin mo nga 'yan.

B: Ano?

E: Narinig mo 'ko – sampalin mo s'ya.

*[Mabagal at nag-aalangang susundan ni B si E. Unti-unti siyang lalapit kay C. Ngunit, bago siya umabot sa layong sapat upang masampal si C sa mukha, ay biglang huhugutin ni C ang tinatago niyang baril – akmang papuputukan si B, ngunit babarilin bigla ni E si C sa braso. Nakabibinging ingay ng pagputok, sabay sigawan nina B at D na nagulat, at ni C na gulat din, at nasasaktan.]*

C: Aaaaaa! Putang ina! Ang hapdi – ang hapdeeee! Ang ineet! Halu-halong pakiramdam – aaaa! *[Mapapahandusay sa isang tabi si C, kalong ang nagdurugo niyang braso.]*

*[Nagkataong napadpad naman ang baril ni C patungo kay D, na nasa likuran ni E. Dali-dali niyang pupulutin ang baril, saka itututok kay E.]*

D: Putang ina n'yong lahaaat!

*[Ngunit pipitik lamang ang gatilyo – wala nang bala ang baril. Babaling sa kanya si E. Paulit-ulit na susubukin ni D na paputukin ang baril, ngunit walang-wala na talaga itong bala. Bibitawan niya ang baril, at maninikluhod.]*

*[Parang nauulol.]* Bos, sori, bos – wala – wala – hindi na mauulit bos – tara, magtulungan na lang tayo – ano ba'ng kelangang gawin – bos – parang awa mo na – ayoko mamatay – ang putang inang 'yan kasi – nabigla lang ako bos – wala – wala naman talaga 'kong balak pumatay – *[unti-unti na ring naiiyak]* kinelangan ko lang ng datong, bos – pramis – parang awa mo na...

*[Katahimikan, liban sa paghibik ni D.]*

B: Ang lakas na ng pagdurugo nito *[tukoy si C].* Ano'ng gagawin natin?

E: Makinig kayo sa 'kin! Kelangan lang nating ilipat 'tong katawan sa susunod na kuwarto. Pagka nagawa natin 'yon, tapos na'ng problema natin, babayaran na tayo, uuwi na tayo. Kakalimutan na natin 'to, malinaw?

D: Opo, opo.

E: Kaya, putang ina n'yong lahat, 'wag na kayong gagawa ng katarantaduhan, nang mapabilis 'tong trabaho natin. Ngayon, ang usapan, bawal tayong mag-usap. E 'di na natapos ang pagpuputok ng butse n'yo, kaya alam n'yo na naman ang kapalit. Nasa kasunduan n'yo 'to, malamang? Kaltas singkuwenta porsyento'ng halagang napagkasunduan, 'di ba?

D: Opo, opo.

E: O ngayon, gusto ko nang umuwi. Malamang kayo rin. Kaya buhatin na natin 'tong bady bag, at dalhin na natin sa susunod na kuwarto – malinaw ba?

*[Susunod sina B at D. Nasa isang sulok lamang si C, nanghihina na at nagluluha sa sobrang pananakit.]*

*[Kay C.]* Pakita nga ng sugat *[pupurbahan ang sugat]*. Daplis lang.

C: Ang lakas pa rin ng dugo, o!

E: Siyempre galamay 'yan, malakas lang magdugo ang galamay –

C: Anong 'galamay' -?!

E: Basta! Mamaya titigil din 'yan! Malayo sa bituka! Pagkalabas natin, hanapan ka natin ng duktor – *[paanas]* tanga-tanga kase...

*[Aakayin ni E si C na tumayo. Handa na ang lahat magtungo sa kabilang silid. Mangunguna si E, na hawak si C sa maayos niyang braso. Pagkarating nila sa pinto sa kaliwa ng mga manonood, iikutin na ni E ang hawakan ng pinto – ngunit nakatarangka ito.*

*Gulilat si E. Padabog niyang bibitawan si C, na mapapahiga sa sahig malapit sa pinto. Tatadyakan ni E ang pinto – walang mangyayari. Pagkuwan, tutungo siya sa kabilang pinto (yaong kaninang pinanggalingan nilang lahat), at bubuksan ito – nakatarangka rin. Tatadyakan niya, at 'di rin mabubuksan.*

*Bigla, mula sa siwang sa ilalim ng kaliwang pinto, ay may maliit na pirasong papel na masisiksik papasok.]*

E: Hoy, ikaw *[tukoy si B]*, ibaba mo muna 'yan, tulungan mo 'kong sirain 'tong pinto.

B: Bakit 'yan, e papasok 'yan? Ba't hindi ito ang sirain natin, yung palabas?

E: Sa labas, me tatlong kuwarto bago sa kuwartong 'to, 'di ba? Naaalala mo ba nung pumasok ka kanina?

B: Apat...Apat na pinto...

E: Basta – kung nakatarangka 'yan, e 'di malamang nakatarangka lahat ng tatlong pintong 'yon palabas, samantalang 'pag mabuksan natin 'to, sa kuwarto sa loob me malaking bintana, naaalala mo?

B: Dalawa...may dalawang bintana...

E: Basta...tara, tulungan mo 'kong sirain 'tong pinto.

B: Tinarangka ba nila tayo rito sa loob?

*[Katahimikan, natabla ang lahat sa sobrang katunggukan ng tanong ni B.*

*Habang nagsasalitaan sila kanina'y pupulutin ni C ang pirasong papel na isiningit kanina sa siwang ng pinto, babasahin ito, saka ibubulsa. Kita ni D ang ginawa ni C sa pirasong papel.]*

D *[pabulong kay C habang abala sina E at B gibain ang pinto sa kabila]*: Psst...ano'ng sabi?

C *[pabulong din; nagmamaang-maangan]*: Ano?

D: Ano'ng sabi d'yan sa papel?

C: Ha?

D: Tangina ka...nakita kong me pinulot ka mula ro'n sa pinto...ano'ng sabi?

C: Wala, a...wala –

D: Makinig ka sa 'kin, ser: Gusto mo bang makaalis dito?

*[Tatango si C. Babaling-baling si E sa kanila, nagsususpetsa.]*

Pareho nating gustong makaalis dito. Para mangyari 'yon, kelangan nating magtulungan – tayong dalawa.

C: E sila?

D: Gago ka ba –

E *[habang sinusubukang sirain ang pinto]*: Tangina n'yong dalawa d'yan – malaman ko lang na me binabalak kayo, patatagusin ko'ng tingga sa ulo n'yo!

D *[pabulong kay C]*: Amin na...!

*[Katahimikan, liban sa pag-ungol nina E at B sa pagsubok na sirain ang pinto. Pagkuwan, nag-aalangang iaabot ni C kay D ang piraso ng papel. Babasahin ito ni D, bakas sa kanyang mukha ang pagkagulilat. Agad-agad niyang bubulsahin ang papel – at biglang dadaluhungin si E: sasampa siya sa likod nito at sasakalin ang kanyang leeg.]*

D *[kay C]*: Kunin mo'ng baril! Kunin mo'ng baril!

*[Alangang susungkitin ni C sa puwetan ni E ang baril, kung saan ito nakasukbit. Ngunit tatadyakan siya ni E sa sikmura – masasaktan si C at mabibitawan ang baril, na titilapon sa paanan ni B. Pupulutin ito ni B nang walang ibang nakakikita.]*

Tangina – tulungan mo ‘ko!

*[Babangon si C mula sa pagkakasikmura, at pagtatadyakan si E – na tuluyan nang mapapahandusay sa sahig habang pinagtutulungan nina C at D. Parang mga bakulaw na napakawalan mula sa hawla ang dalawa. Pagkuwan, magpapaputok si B, at ang bala’y tatalbog*-*talbog sa silid hanggang tumama sa bangkay ni A.*

*Nakaiilang na katahimikan.]*

Ba’t mo binaril yung bangkay!? Ba’t hindi ‘tong pukeng ‘to ang binaril mo!?

B: Hindi ko naman alam kung saan tatama yung bala.

C: Bakal kasi ‘tong kuwarto, okey!? Bakal! Ibig sabihin, tatalbog yung bala – e kung kami’ng natamaan mo – *fucking idiot* –!

B: Tahimik!

*[Uungol si E.]*

Tahimik, sabi!

*[Katahimikan. Tututukan ni B sina C at D.]*

Sumampa kayo sa pader, dali. *[Susunod ang dalawa. Tututukan naman ni B si E, na nasa sahig, naglulupasay.]* Ikaw -!...ba’t ka nila binugbog?!

*[Gitlang tititig ang duguang si E kay B.]*

E: E putang ina – malay ko! Ba't di sila'ng tanungin mo, gago!

*[Tututukan ni B si D.]*

B: Ikaw – ba't mo ginulpi 'to.

*[Di tutugon si D.]*

C: May tinatago s'ya sa bulsa.

*[Mula rito'y tututukan na ni B ang sinumang nagsasalita.]*

B *[kay D]*: May tinatago ka raw sa bulsa – ano 'yon?

D: Pare – makinig ka sa 'kin. Lahat tayo, gusto lang nating makalabas mula rito, di ba? Di ba?

B: O, ano ngayon?

D: Nasa'kin yata ang paraan para makalabas tayo rito –

C: *Just tell him* – *s*abihin mo na kung ano'ng nakasulat sa papel.

E: Anong papel?

C: May *note* na dinaan sa *gap* nung pinto –

E: Ano'ng sabi sa papel?

C: Sabihin mo na-!

E: Tangina! Ano'ng sabi sa papel!?

B *[biglang sisigaw]*: Teka lang!

*[Tatahimik lahat.]*

Ikaw *[tututok kay D]* ilabas mo ang papel, at basahin mo sa ‘min kung ano’ng nakasulat do’n...Dali.

*[Unti-unting huhugutin ni D ang papel mula sa kanyang bulsa, bubuklatin ito, saka akmang babasahin.]*

D: Isang bagay muna, pare. Ibaba mo ang baril bago ko basahin ‘to.

*[Katahimikan – lahat nakatingin kay B.]*

C: *Agree* ako. Ibaba mo muna ang baril, saka n’ya babasahin ang papel –

B: Ayoko.

D: Puwes di ko ‘to babasahin –

B: Babarilin kita kung di mo basahin ‘yan –

D: E putang ina mo!

C *[sisigaw]*: Teka! *[Tatahimik ang lahat.]* Ilan ang bala sa loob ng baril na ‘yan?

*[Katahimikan.*

*Tatanggalin ni B ang kaha sa loob ng baril, at bibilangin ang lamang bala.]*

B: Dalawa.

C: Iabot mo’ng isang bala sa ‘kin, iabot mo naman ang isang bala sa kanya *[si D ang tinutukoy]*. *So that assured* na wala sa ‘ting makakakuha ng baril. *The gun’s still with you.*

*[Mag-iisip si B, saka tuluyang susunod. Iiitsa niya ang mga bala kay C at D. Ibubulsa nila ang nasalong bala. Isusukbit naman ni B ang baril sa puwetan ng kanyang pantalon.]*

*[Kay D.]* Ayan, p'wede mo nang basahin, p're.

B: Basahin mo na!

D *[magbabasa mula sa papel na hawak niya]*: "Mali ang pinatay. Walang lalabas hanggang tama ang patayin."

*[Gulat. Katahimikan.]*

E *[pabulong sa sarili]*: ...putang gaguhan 'to...

*[Matagal na katahimikan.]*

B *[kay E]*: P're, mali raw pinatay mo.

*[Katahimikan.]*

Sino ba'ng dapat mong pinatay?

E: Ewan...akala ko talaga, siya.

B: E mali raw, e.

E: Oo nga.

B: Bakit s'ya yung pinatay mo?

E: Hindi ko alam. Akala ko siya kasi.

B: Nagkamali ka.

E:	Oo nga.

B:	Tanga ka rin, ano?

*[Titingin si E kay B. Katahimikan. Lalamlam ang liwanag.]*

<u>IKALAWANG BAHAGI</u>

*[Gaya pa rin nung unang bahagi, ngunit makalipas ang ilang sukat ng panahon.*

*May magbubukas ng ilaw, gaya nung sa unang eksena. At isasara niya ulit. At bubuksan ulit. Paulit-ulit niya itong gagawin, parang batang naglalaro. Si E ang gumagawa nito.]*

B:	Itigil mo 'yan, sayang sa kuryente.

E *[tatawa]*:	Bobo! Ikaw ba magbabayad sa *bill* nito?

B:	Sayang pa rin. Baka mapundi 'yan.

E:	At...?

B:	Mawawalan tayo ng ilaw.

E:	Bobo! *[Tatawa.]*

D *[kay E]*:	P're itigil mo na.

*[Patuloy pa rin si E.]*

Tigil na sabi!

E:	Ayoko! Tangina n'yong lahat!

D:	Putang ina! Naaaning ako! Nakakahilo – tigil na sabi! Kundi papatayin kita sa pagtulog mo!

*[Titigil si E – nakabukas ang ilaw. Makikita natin ang lima: si A, patay sa loob ng* body bag*; si B, nakaupo sa sahig; si C, nakaupo sa kabilang dulo ni B, duguan ang braso, at putlang-putla; si D sa isa pang sulok, nakahubad liban sa pantalon, pawis na pawis, at halos nanginginig; si E, palakad-lakad malapit sa* switch *ng ilaw, may-sira sa tuhod at duguan at bugbog ang mukha, tutungo sa isang banda upang umihi.]*

C: Labas na tayo, plis. Kelangan ko ng doktor.

B: Para mangyari 'yon, kelangan nating malaman kung sino dapat ang pinatay niya.

C: Tama si kuwan...si...*[kay B]* Ano nga ba'ng pangalan mo ulit?

B: Bal.

C: O 'yon, tama si Bal. Kelangan nating magtulungan, *guys*. Sabihin na natin sa isa't isa kung ano'ng kuwento natin, kung ba't tayo nandito, *hopefully* malinawan natin kung sino sa 'tin ang gusto nilang ipapatay –

E: Bakla ka ba?

C: Ha!?

E: Kako, bakla ka ba?

C: Hindi!

E: Paingles-Inggles ka kasi, e.

C: Bakla na ba'ng mag-Ingles ngayon?

E: Noon pa.

C *[Ngingisi, waring natatawa sa barbaridad ni E]*: *Really*?

*[Titingnan siya ng lahat.]*

*Anyway* –

*[Titingnan siya ulit ng lahat.]*

Magsimula na tayo. Ummm...ikaw, Bal. Ikaw na'ng magsimula.

B: Ano'ng sasabihin ko?

C: Kung sa'n ka galing, kung ba't ka nandito, at kung may posibleng dahilang ikaw ang dapat patayin –

E: Ba't naman siya magsasabi ng totoo?

C: Wala namang kuwenta'ng magsinungaling. 'Pag hindi natin malaman kung sino'ng dapat nating patayin, lahat tayo mamamatay rin dito sa gutom...Kaya, Bal, magsimula ka na.

B: Bal Espejo. 25 taong gulang. Magsusundalo dapat, kaso nagkasakit ang tatay ko. Kanser sa atay. Nawalan ng perang pangmatrikula. Kaya kinelangan ko ng pera. Inoperan ako ng trabaho, sabi sa 'kin mag-itim daw ako, bawal magdala ng kahit ano, dapat nakamaskara, bawal magsalita, bawal magtanong, dapat lang sumunod, at pagkatapos, babayaran ako ng apat na milyon. 'Pag sumuway sa patakaran, kaltas ng sampung porsyento, liban kung magsalita. 'Pag magsalita, singkwenta porsyento'ng kaltas. Kaya dalawang milyon na lang makukuha ko. Menos pa lahat ng binali kong patakaran...Magka'no na lang ba'ng matitira?

*[Katahimikan.]*

E: Para ke pa'ng pagkuwenta mo?... Pa'no kung ikaw pala'ng kelangan naming patayin?

B: Ba't ako?

E: Ewan.

B: Imposible. Baka...*[matagal mag-iisip si B.]* Baka...Baka ikaw. Baka ikaw ang dapat patayin.

C: 'Wag na muna nating isipin 'yon. Ang mahalaga, maglabas tayo ng mga detalye para malaman natin kung sino nga ang dapat patayin. *[Kay D.]* Ikaw, ano ba'ng kuwento mo?

D *[nanginginig, at paputol-putol kung magsalita]*: Ha?..Aaa...Dong...Dong pangalan ko...disiotso anyos...tsuper ng pedikab sa plasa sa Sta. Ana...me...sa me...sa me palabok...sa tindahan ng palabok ni Enga, me lumapit sa 'kin...apat na milyon daw...yung sabi ni Bal...tama 'yun...gano'n din ako...sabi ni Mr. Andrade, na 'wag daw sa may kuneho...sabi dun sa Syquia...sa may kuneho raw, dun sa kulungan, e apat na milyon nga...apat na milyon...e putang ina n'yo, kundi n'yo tanggapin, e...*O, Mr. Andrade, da onor is wid you, and so is wid yu...*

C: Ano'ng nangyayari?

D: *Da onor! Da rabit! Mr. Andrade says to me,* 'wag mong pakakawalan ang kunehong putang ina ka – putang ina mo rin! Todas *da bolas*! Isang araw kasi, ibang trip 'to, p're...buhay 'yon, sabi nila patay, sabi ko, tang'na! Buhay 'to, p're...tsaka natin patayin, di ba? Tagain natin yung tenga, ano, tapos buksan natin mula lalamunan hanggang puwet, tangina, ta's lutuin natin, hahaha! Eksperiment – eksperiment kumbaga, *I know rayt?!* Haha...*[Unti-unting parang babalik sa katinuan.]* Nan...nan...lalamig ako, mga tsong...ang lamig...

C: Parang ikaw lang nanlalamig sa 'min. Ako nga, naiinitan.

E: Adik kasi 'yan.

*[Tititigan ni D si E nang kakatwa, halos nasisilaw sa liwanag ng bumbilya.]*

E: 'Wag mo nang itago. Halata naman, o. Nanlilisik ang mata, giniginaw maski na pinagpapawisan. Kanina ko pa napapansin 'yan. Ngata pati nang ngata –

B: Baka gutom lang –

E: Tanga. Adik 'yan. Widrowal sindrom ang tawag d'yan.

D: Ang...ang dami mong al...alam a...! Si...sino ka ba? Ikaw ang me...me kasalan ni...nitong lahat! Ikaw...ikaw yung kuneho...na maraming ulo, amputa...binaril mo 'yon, o...si Mr. Andrade...Dahil...amputa...! Dahil ang kuneho, ay marami sa paggawa ng mga batang sanggol...eksperiment, trip lang...nanggagaling ang kuneho sa mga...*interior*, kung baga...*da tu op da hap by tu by tu*...'yun yung kay Mr. Andrade, tapos ninakaw yung gulong sa Syquia, tapos, ffft! Fffft! *[Gagawa ng tunog ng mga kunehong ngumunguya ng karot]*. Haha...! Fffft! Ffffft!

*[Matagal na katahimikan. Sa buong tagpo'y patuloy lang si D sa kanyang halusinasyon bilang kuneho.]*

B *[kay E]*: Sa bagay. Mali kasi yung pinatay mo.

C: Ano ba'ng inutos sa 'yo? Pa'no ka naman magkakamali?

E: Plinano yata nila 'to.

C: *What*?!

E: Simple lang ang utos sa 'kin, barilin ko raw ang una kong makita. 'Yang kumag na 'yan *[tuturo sa bangkay]* ang una kong nakita, kaya s'ya ang binaril ko.

C: Ano'ng klaseng utos 'yon?

E: Aba, malay ko. Babayaran daw ako ng apat na milyon, aba malas na lang kung sino'ng makita ko, basta todas ka! Kaya kalokohan 'yang papel na 'yan – kalokohan 'tong lahat – pinaglalaruan tayo rito, tsong –

B: Di ako naniniwala sa 'yo.

E: Ano!?

B: Sinungaling ka.

*[Katahimikan.]*

Pagkatapos basahin ni Dong yung papel, sabi ko, p're, mali raw yung pinatay mo. Tapos sabi ko, sino ba'ng dapat mong pinatay? Tapos sabi mo, akala ko talaga s'ya, e.

E: Ano ngayon?

B: Sabi mo, akala. Kung 'yon talaga'ng utos sa 'yo, ba't hindi mo sinabi sa 'min kaagad? Sabi mo pa, akala. Ibig sabihin, me talagang dapat kang tirahin, mali nga lang. Ibig sabihin, merong isa sa 'ming dapat patayin, mali lang yung napatay mo. Me mali kang akala, ibig sabihin meron talaga, nagkamali ka lang. Mali lang yung akala mo...hindi lang basta-basta'ng utos sa 'yo, meron talagang isang inutos sa 'yong patayin, mali lang yung pinatay mo. Kaya sabi mo, akala; mali yung akala mo –

C: Bal...ok na...kuha na namin. Paulit-ulit lang ang sinasabi mo.

B: Mali yung akala n'ya. Sinungaling siya.

C: May punto si Bal.

E: Nagkaintindihan kayo?

C: P're...may tinatago ka ba?

E: Tang'na, wala! Napraning lang ako, nagulat ako nung binasa nung adik yung papel. Sekyu lang ako. Me isi mani, tinanggap ko. Walang malabo ro'n. Me kakaibang pakana yung mga nagpapunta sa 'tin dito. Ewan ko kung ano, pero putsa, kakaiba 'to. *[Kay B.]* Kung ako'ng tatanungin, mamimili ako sa dalawang 'to. Adik 'yang si kuwan, si Dong – adik 'yan. Baka gustong ipaligpit 'yan ng mga umupa sa atin, tutal madalas namang mapasok sa gulo'ng mga adik. Kundi siya, 'yang inglisyerong 'yan, mukhang anak-mayaman. Nakapag-aral yata 'yan. Baka anak ng kung-sinong mayaman na me atraso sa kanila, gusto nilang yariin.

B: E ba't tayo kasama rito?

E: Ewan ko, pare. Ewan ko...wala yatang makakapagpaliwanag do'n. Hindi na mahalaga 'yon. Tangina, 'wag na tayong magsayang ng oras, isa sa dalawang 'yan, suspetsa ko. Tara na.

C: Tangina! Walang-wala akong dahilan para gustuhin nila ‘kong mamatay. Manunulat lang ako sa dyaryo. Kamakailang sinesante kasi nagnakaw ako ng balita sa kalabang dyaryo, na ‘yun pala, mali. Tangina nila.

E: Baka me kontrobersya kang nilabas na kasangkot ‘tong mga umupa sa ‘tin –

C: Gago, showbis ang balita ko, ano’ng kontrobersya namang malalabas ko para may gumustong pumatay sa ‘kin?

E: Bakla ka nga.

C: Me gelpren ako, ikakasal na kami sa susunod na taon. Kaya nga ‘ko nangelangan ng pera...tangina...*[Tatahimik. Mararamdaman ang buong bigat ng situwasyon.]* Ang lala na ng sugat ko. Ayokong mamatay. *[Unti-unting iiyak.]*

*[Katahimikan, liban sa paghibik ni C.]*

E: Natatae ako.

*[Nakaiilang na katahimikan. Lalapit ulit si E, paika-ika, patungo sa* switch *ng ilaw.]*

Sara ko lang, a.

*[Isasara niya ang ilaw. Kadiliman.]*

B: Tatae ka nga?

*[Maririnig ang pag-utot at pagdurumi ni E – mayro’ng susuka, at may magmumura.]*

E: Sarap.

*[Biglang may sisigaw – si D. Bubuksan ni B ang ilaw – nasa isang sulok si D, parang nahihibang, habang si C, takot kay D, ay unti-unting gagapang patungo kay B, at si E naman ay nagpupunas ng puwet gamit ang punit na pirasong tela. Marumi ang sahig: may tae, may suka, may ihi, at sa gitna, ang bangkay ni A sa loob ng isang* body bag.

*Biglang unti-unting bubukas ang* body bag*, at tatayo si A – ito'y halusinasyon ni D (at kailangang maging klaro ito – sa pamamagitan ng kakatwang ilaw, o kaya'y paglapat ng sikidelikong* projection *ng pagtuturok, mga* footage *ng* National Geographic *na nagpapakita ng mga hiyena at leong nag-aaway, at sa huli, mga kunehong nagkakantutan, at si Bugs Bunny na hinahabol ni Porky. Bukod pa rito, sa pagpalit ng ilaw ay biglang bababa mula sa kisame ang isang maskara ng ulo ng kuneho, na susuotin ni E, kaya't magmumukha siyang taong-*rabbit.*) Si D lamang ang makakakita sa pagtayo ni A at pagiging taong-kuneho ni E, at ang iba pa'y gulat na nakatitig kay D, binabantayan ang kanyang mga ikinikilos.*

*Tatayo si A, nagdurugo pa rin ang ulo, saka lalapit patungo kay D. Tatayo si D, pasigaw-sigaw. Tutungo si A sa likod ni B, at bubulong sa taynga ni D. Pipikit si D, habang nakikinig kay A. Titigil si A sa pagbulong, at aawit ng* "White Rabbit" *ng* Jefferson Airplane*. Habang siya'y umaawit, lalapit si D kay E (na sa mga mata niya'y isang taong-kuneho), sasapakin niya, pagtatadyakan sa ulo, sa sikmura, sa bayag. Marahas. Tatayo lamang si B, samantalang si C naman ay nahihibang halos sa takot.]*

D *[nagdedeliryo; habang winawarak ang ulo ni E]*: Putang ina ka!...Sabi ko na...sabi ko na, ikaw yung kuneho...mamatay ka, kuneho!...Putang ina mo!

*[Walang laban si E. Sasapakin siya nang sasapakin ni D. Sasabunutan ni D si E, at ihahampas ang ulo niya sa sahig, kung saan siya dumumi. Paulit-ulit niyang ihahampas ang mukha ni E sa pinagtaihang sahig. Paulit-ulit hanggang magdugo ito. Hanggang maghalo ang dugo at tae sa mukha ni E; maghalo*

*ang dugo, at tae, at pirasong ngipin, at buto, atbp. Patay na si E sa puntong ito, ngunit hindi pa tapos si D, sapagkat hindi pa tapos ang kanta ni A.*

*Sa huli, matatapos ang kanta, unti-unting babalik sa normal ang ilaw, matatapos ang* projection, *at titigil din si D sa paghampas ng mukha ni E sa sahig. Nagkalat na ang dugo at tae sa buong lugar. Tutungo si A kay E, at tatanggalin ang maskara ng kuneho, upang masiwalat ang wasak na mukha ni E. Maduduwal si D, mamumulat sa kanyang nagawa, unti-unting aatras patungo sa pinakamalapit na sulok, at manliliit, habang si A ay unti-unting papasok ng* body bag, *at aangat muli sa kisame ang maskara ng kuneho.*

*Maririnig ang malakas na paghagulgol ni C. Si B naman ay dahan-dahang pupunta sa pinakamalapit na pinto. Nakatarangka pa rin. Saka siya tutungo sa kabilang pinto. Nakatarangka pa rin.]*

B: Hindi siya.

*[Katahimikan.]*

C: Ano'ng hindi s'ya?

B: Hindi s'ya yung dapat patayin – nakatarangka pa yung pinto, o.

C: Putang ina, Bal...ano'ng nangyayari?

*[Umiiyak si D sa isang sulok, nakapikit, parang bata.]*

B: Tama 'yung sabi ng pinatay ni Dong, pinaglalaruan tayo dito.

C: Ano ba'ng gusto nila, Bal?! Ano'ng gusto nila sa 'tin?! *[Sisigawan ang mga pader.]* Putang ina n'yo! Ano ba'ng gusto n'yo sa 'min!?!?!

*[Katahimikan.]*

Bal...Bal...ano ba'ng gusto nila sa 'tin?

B: Ewan...tanga ako...di ko alam. *[Bubunutin ang baril na nakasuksok sa puwetan ng kanyang pantalon.]*

C: Ano'ng gagawin mo d'yan?

*[Walang tugon.]*

Hoy, Bal...Bal, pare...ano'ng gagawin mo d'yan?

B: Nasa'yong isang bala di ba?

*[Walang tugon.]*

Nasa'yo'ng isang bala, naaalala ko.

C: Wala sa 'kin –

B: Nasa 'yo. Tanga nga ako, pero naaalala ko ang lahat. Isa sa 'yo, isa nakay Dong...amin na'ng sa 'yo.

C: Tang'na, Bal, tama na'ng kabaliwan, *plis*...

B: Amin na sabi.

C: Pare...sino ba'ng gusto mong barilin?

B: Siya.

C: Bakit!?! Pa'no mo nalamang s'ya'ng kelangang barilin?!

B: Hindi ko alam.

C: Anong hindi mo alam?!

B: Hindi ako siguradong s'ya'ng kelangang barilin para makaalis tayo rito, ang alam ko lang, kelangan ko s'yang barilin.

*[Titingnan ni C si D. Lalapitan n'ya.]*

Pa'no 'pag isa sa 'ting dalawa ang kelangang patayin? Tapos mamamatay nga. Bubukas ang pinto. Makakaalis ang isa sa 'tin, kasama 'yan. Uuwi kayong pareho. S'ya, uuwi s'ya sa Sta. Ana, may ilang milyong piso. Uuwi s'ya sa kanila, matutulog s'ya, kakain s'ya, maliligo s'ya. Tapos matutulog s'ya ulit. Pero bago s'ya matulog, 'pag nakasara na ang ilaw, hihiga s'ya ng kama, maaalala n'ya yung nangyari dito. Tapos mangingilabot s'ya, iiyak s'ya, di s'ya makatulog. Makakatulog lang s'ya 'pag sobrang bigat na ng mga mata n'ya, nanakit na sa kakaiyak. Saka s'ya matutulog, tapos mananaginip s'ya tungkol dito. Makikita n'ya 'yang sekyu, wasak-wasak ang mukha, punong-puno ng dugo, tsaka tae, durog-durog ang ngipin, nakalitaw ang buto ng pisngi. Maaalimpungatan s'ya, biglang gigising s'ya, maririnig s'ya ng mga kasama n'ya sa bahay, o kundi naman, mag-isa lang s'yang biglang gigising, tapos iiyak siyang ulit. Paulit-ulit lang. Hanggang mamigat ulit yung mga mata n'ya, matutulog siya, tapos babangungutin ulit.

*[Katahimikan.]*

Pinaglalaruan lang tayo rito.

*[Katahimikan.]*

Akin na'ng bala.

*[Dudukutin ni C mula sa kanyang bulsa ang bala, at iaabot ito kay B, saka tutungo sa kabilang dulo ng silid, takot na pasilip-silip sa mangyayari.*

*Lalamnan ni B ng bala ang baril na hawak n'ya. Nasa kanyang sulok lang si D, nakatingin kay B na parang walang-kamalay-malay. Ikakasa ni B ang baril, saka tututukan si D sa ulo.*

*Matagal na katahimikan.]*

D *[halos nawawala ang pagkadeliryo]*: Papatayin mo 'ko? 'Pag pinatay mo 'ko, bubukas ba yung pinto? *[Kay C.]* 'Pag pinatay ba n'ya 'ko, bubukas yung pinto? Kasi kung di naman bubukas yung pinto, ba't n'ya 'ko papatayin? *[Kay B.]* Papatayin mo ba 'ko kasi adik ako? Sabi sa 'kin ng ate ko, mangyayari raw 'to 'pag isang linggo lang akong di makatira. Isang linggo lang daw kelangan ko para magwala, kasi gano'n na raw ako kalala. Alam n'ya, kasi nars s'ya e. Nars yung ate ko. Maganda 'yun, malaki ang *bubs*, tayp 'yun ng mga katropa ko sa Del Pan. *[Hinto. Unti-unting maiiyak.]* 'Pag ako...'pag ako pinatay mo, walang mag-aasikaso ro'n sa amin. Darating ulit si Andrade do'n sa bahay ng lola ko, tapos hahanapin n'ya 'ko. Tapos 'pag di ako lumabas, pahuhuli n'ya yung lola ko. Tapos gagahasain n'ya yung utol ko. *[Tuluyan nang lumuluha.]* 'Pag pinatay mo 'ko, tapos bumukas yung pinto, punta ka munang Sta. Ana; bahay namin sa Suter, siguraduhin mo di pumunta ro'n si Andrade – sundalo ka di ba? Hanap ka resbak sa mga kaibigan mong sundalo. Punta ka rin sa Syquia, sa tabi ng Iglesia, pinsan ko nando'n, siga 'yun.

*[Hindi s'ya mabaril ni B. Ibababa ni B yung pagkakatutok sa baril, saka pupunta sa isang dulo, at maluluha.]*

Punta ka, ha? Punta ko ro'n kay Cheng sa Syquia, hanapin mo ro'n si Cheng, malapit s'ya ro'n sa nagtitinda ng kikiam. Hanapin mo si Cheng do'n, sabihin mo, "Hoy, Cheng! Kaibigan ako ni Dong, nagkakilala kami sa trabaho. Tera! Sugod tayo sa bahay n'ya,

protektahan natin yung utol n'ya, balak ni Andrade pumunta ro'n e, mananakot sila." Sige, punta ka ro'n kay Cheng, tatawag ng resbak 'yon, lalo na sa likod ng palengke, marami s'yang kabrad do'n. Tapos gawa kayo ng bakod palibot sa bahay, kuha kayo maraming baril, gawa kayo ng bako'd do'n, o kaya gawa sa kahoy...

*[Unti-unting lalapit si C kay B na biglang pumunta sa isang sulok, nahihiya, at marahang kinakatok ang noo sa pader na bakal.]*

Tapos, kuha kayo ng maraming damo, ikalat n'yo ro'n sa may kahoy, gawa kayo ng pugad – kasi 'pag me pugad – ayaw nun sa hawla, e – gusto nila ro'n sa labas – sa labas na labas na labas na labas...yung mga bwakaw ng inang kuneho, sa labas nagkakantutan yung mga 'yon...gaya nga ng sabi ni Andrade, "Hoy, kumag ka! Wala na 'kong tiwala sa 'yo, ha!"...*Da port and da wan hap op da tri port...I don't want you,* ha! *I don't want you*!" Sabi sa 'king putang ina 'yan! *I rayping your sister,* ha?! *Yu want da reyping op yor sister? Op yor* lola *tu,* ha?...*Da kunehos ar going to get yu, yu teyk ker op dat, maderpaker...*

*[Sa biglang pagbalik ni D sa deliryo, titila sa pag-iyak si B, at unti-unti nang lalapit kay D.]*

*Yu wil da imagine dat, ha? Da rabit and the kunehos, dey wil,"* sabi ni Andrade! Sabi niya! *"Wats awt, yu madepaker! Da rabit and da kunehos, ha! Dey wil kil and dey wil reyping-reyping yor* ate, kuya, pahinging kape *and da* langit langit impyerno –!

*[Babarilin siya ni B. Daragundong sa buong bakal na silid ang pagputok ng baril, at biglang paghiyaw ni C.*

*Matagal na katahimikan, liban sa paghagulgol ni C.]*

B: Yung isang bala nasa bulsa ni D – tulungan mo 'kong hanapin –

C: Putang ina mo!...Putang ina n'yong lahat!

*[Katahimikan.]*

Hindi mo ba naiintindihan? Hindi pa ba klaro sa 'yo kung ano'ng gusto nilang mangyari dito?

B: Ano?

C: Pinanonood nila tayo rito. Natutuwa sila sa nangyayari. At ito na ang pinakamalupit na parte ng katarantaduhang 'to – tayong dal'wa na lang ang natitira.

B: Ba't ba nila 'to ginagawa sa 'tin?

C: Mahalaga pa ba 'yon?!

B: Siyempre. Kung malaman natin kung ba't 'to nangyayari, baka malaman din natin kung pa'no tayo kikilos –

C: Tanga! Wala na sa kamay natin 'to. Kung anomang mangyari sa kuwartong 'to – ako man ang pumatay sa 'yo, o ikaw ang pumatay sa 'kin – lahat ng 'yon plinano nila – naisip na nila ang lahat ng posibleng senaryo kung pa'no natapos 'to – nasasabik na lang silang malaman kung alin do'n ang pipiliin natin –

B: Anu-ano ba'ng puwedeng mangyari?

C: HINDI KO ALAM! 'Yon nga'ng nakakaputa ro'n, e!

*[Katahimikan.]*

B: Pero, naintindihan mo naman kung ba't kelangan kong patayin si Dong di ba?

*[Katahimikan.]*

Huy...di ba naiintindihan mo?...Kasi kung di mo naiintindihan, ba't di mo 'ko pinigilan?...Naiintindihan mo naman, di ba? Kung ba't ko ginawa 'yon kay Dong...?

*[Di tutugon si C. Unti-unting naluluha si B.]*

Huy, pare...di ko naman talaga gustong patayin si Dong, e...ba't ko naman papatayin 'yon?...P're kung di mo naiintindihan kung ba't kelangan ko s'yang patayin, ba't mo inabot sa 'kin yung bala?...Ba't di mo 'ko pinigilan? *[Tuluyan nang maiiyak, parang batang nagsisisi sa ginawang maliit na pagkakamali.]* Ba't di mo 'ko pinigilan?...Balak ko naman talagang pumunta sa Sta. Ana kung mabuhay ako ngayong gabi, e...Poprotektahan ko naman talaga yung kapatid at lola n'ya, e...Sana pinigilan mo 'ko, p're...Alam mo naman ako, tanga ako, e...*[Lalapitan siya ni C, at aaluhin.]*

C: Bal, di mo kasalanan 'yun...

B *[umiiyak pa rin, parang batang inagawan ng puwesto sa* playground*]*: Sumang-ayon ka naman, di ba?

C: Di sa sumang-ayon ako –

B *[ganoon pa rin, kaso ngayon, hindi lang puwesto sa* playground *ang inagaw, kundi pati ng laruang dinala niya sa iskul]*: E putsa, kung di ka sumang-ayon, ba't mo inabot sa 'kin yung bala!?

C: Tang'na, tapos na 'yon, Bal...oo, sumang-ayon din siguro ako kaya ko inabot yung bala...*[Umiiyak pa rin si B.]* Tama na pare...'wag ka nang umiyak.

*[Biglang yayakapin ni C si B – aaklas agad si B sa pagyakap.]*

B *[biglang nahimasmasan]*: Puta, ano'ng ginagawa mo?

C: Wala – umiiyak ka, e – kino-*comfort*, kumbaga –

B: Kino-*comport* mo 'ko?

C: Oo.

*[Nakakailang na katahimikan.]*

B: Malala na 'yang sugat mo, a.

C: Himala ngang buhay pa 'ko, e.

*[Katahimikan.]*

B: Ano na'ng gagawin natin?

C: Hindi ko alam.

B: May isa pang bala sa bulsa ni Dong.

C: Kunin mo.

*[Tutungo si B sa bangkay ni D, at kakapa-kapain ang mga bulsa. Sa wakas mahahanap niya ang bala.]*

B: Nahanap ko na.

C *[sarkastiko]*: Wow. Ang saya.

B: Ako ang nakahanap.

*[Katahimikan. Titingnan ni C si B.]*

C: At nasa 'yo ang baril.

*[Katahimikan.]*

Papatayin mo ‘ko?

B: P’wede.

C: Ano’ng hinihintay mo?

B: Wala.

C: P’wes gawin mo na.

B: Ba’t ambilis mong sumuko?

C: May magagawa ba talaga ako?

B: Lumaban.

C: Mas malakas ka sa ‘kin.

B: Pero lumaban ka pa rin.

C: At ‘pag matalo kita, makukuha ko yung baril –

B: Tsaka yung bala.

C: Tapos ikaw ang mababaril ko.

B: Oo.

C: At kung ikaw ang talagang dapat patayin –

B: Bubukas yung pinto.

C: Makakalabas ako.

B: Makukuha mo yung pera – may kaltas nga lang nang unti.

C: At uuwi ako –

B: Oo.

C: At maaalala ko rin ang lahat...parang si Dong, Bal...wala tayong pinagkaiba kay Dong. Ang dapat din sa ‘tin mamatay kasi napasok tayo sa kuwartong ‘to –

B: Di ko naman dapat talaga pinatay si Dong. Hindi mo lang ako pinigilan.

C: Ba't ba hindi mo s'ya dapat pinatay?

B: Kasi –

C: KASI ANO!?

B: Ewan.

C: Hindi! Tanga! Sagutin mo! Ba't hindi mo s'ya dapat pinatay?

B: Ewan –

C: Hindi! Isipin mo yung sagot, sagutin mo!

B: Ewan nga -!

C: Kasi-?!

B: Hindi ko alam!

C: Tanga! Sagoooot -!

B: Kasi tao s'ya!

C: MALI!

*[Katahimikan.]*

Tao ba 'yon!? *[Palakas nang palakas siyang sisigaw sa bawat tanong.]* Tao ba'ng tawag mo ro'n?! Tao ba'ng tawag mo sa 'tin!? Ano ba'ng tao, ha!? Ano ba'ng hayop!? Tangina! Tumingin ka sa buong kuwartong 'to – mga tae! Tao ba 'yan!? Ha!? Ha!? Tao!? *[Hinto.]* Limang tangang sinalpak sa isang kuwarto, walang ibang magawa kundi magpatayan...

*[Katahimikan.]*

B: Wala naman tayong ibang magagawa na. Kundi tayo magpatayan ngayon, mamamatay rin lang tayo sa gutom – p'wede nga nating kainin ang mga bangkay nila – pero mauubos din 'yan. *[Hinto.]* Tsaka kadiri. Isa pa, may sugat ka, mauubusan ka rin ng dugo. Lahat

naman tayo mamamatay, e. Kung iisipin mong maigi, wala namang kakaiba sa ‘tin, lahat naman ng tao mamamatay. Nagkataon lang sinabi sa ‘tin kung papaano, kelan, saan. Magpapatayan tayo, ngayon, sa kuwartong ‘to.

C: P’wes ba’t sila ang nagdikta!? Sino ba sila!? *[Sa mga pader.]* Putang ina n’yong lahat! Sino ba kayo!?

*[Pagtatadyak-tadyakan ni C ang pader, hangggang manakit ang kanyang sugat.*

*Katahimikan.*

*Ipapasok ni B ang bala sa baril, saka ikakasa.]*

B: Wala namang problema sa ‘kin kung ako ang patayin mo – basta kung makalabas ka, takbo kang Sta. Ana, sa Syquia daw, tawagin mo si Cheng, at protektahan mo yung bahay ni Dong. Nando’n yung ate at lola n’ya. Baka dumating bigla si Andrade. *[Iaabot ang baril kay C.]* Patayin mo na ‘ko.

C: E kung ako pala’ng dapat patayin? Nandito pa rin ako sa loob ng kuwarto. Hindi nila ‘ko palalabasin. Ang natitira na lang gawin e magpakamatay ako, pero hindi ko kaya kasi wala nang bala...Hindi na, ikaw na lang pumatay sa ‘kin.

B: E pa’no kung ako pala’ng dapat patayin?

C: E putang ina, walang katapusang debate ‘to. Nasa ‘yo na ang baril, gawin mo na.

*[Tatalikod si C kay B, at luluhod, nakalapat ang mga kamay sa ulo, handang magpabaril.]*

Gawin mo na, Bal!

*[Ibababa ni B ang baril sa sahig, sa gitna nilang dalawa.]*

B: Wala na sa ‘kin yung baril...pa’no na?

*[Tatayo ulit si C.*

*Matagal na katahimikan.]*

C: May naisip ako, Bal.

B: Ano?

C: Sang-ayon kang pinaglalaruan nila tayo rito, di ba?

B: Oo.

C: *As in* ginagago nila tayo.

B: Oo.

C: Gusto nila tayong makitang nagpapatayan, di ba?

B: Oo.

C: Gusto nilang makita na dahil sa sobrang gusto nating makaalis sa bwakaw ng inang kuwartong ‘to, handa tayong pumatay ng kahit anong gumagalaw, kahit na wala naman sa ‘ting nakakasigurong hindi tayo ang gusto nilang ipapatay – di ba?

B: Oo.

C: P’wes...P’wes...’wag tayong magpatayan.

B: Di ‘wag!

*[Hinto.]*

Sori, di kita nasakyan – ano?

C: ‘Wag tayong magpatayan.

B: Pa’no tayo makakaalis?

C: Hindi na. ‘Pag may umalis sa ‘tin, ibig sabihin mananalo sila. ‘Yun yung papremyo nila, kumbaga, tayo’ng manlalaro. Tuwang-tuwa silang nagpapatayan tayo. P’wes, ayaw natin yung papremyo. Ayaw natin makaalis dito. Kung di tayo parehong makakaalis, di bale na! Magpakamatay na lang tayong dal’wa!

B: Magpapakamatay tayo?

C: Oo. Hindi nila makukuha yung pinaglilibugan nilang eksena, kung sa’n nag-aagawan tayong dal’wa sa putang inang baril na ‘yan, nag-uunahan tayong patayin ang isa’t isa.

B: Magpapakamatay tayo.

*[Katahimikan.]*

Ikaw na’ng mauna. Ayun ang baril, o.

C: Kung ako gumamit ng baril, pa’no ka?

B: Madaling magpakamatay. Hampas ko lang ulo ko sa pader hanggang bumuka.

C: Sigurado ka? – Di na, ikaw na’ng gumamit ng baril.

B: Ikaw na kasi.

C: Ikaw na sabi!

B: Putang ina! Parang awa mo na, ikaw! *[Hinto.]* Dahil ‘pag mamatay ka, baka bumukas ang pinto, lalabas ako, pupunta ako sa Sta. Ana, poprotektahan ko yung kapatid at lola ni Dong. Tapos papatayin ko si Andrade, tapos hahanapin ko yung mga *employer* natin, pagpapatayin ko silang lahat. Malay mo si Andrade pala yung *employer* natin – malay ko!

*[Matagal na katahimikan.*

*Desedido, pupulutin ni C ang baril, dahan-dahang itututok sa kanyang bunganga.*

*Bubukas ang pinto.*

*Lalabas si B.*

*Papasok ulit.]*

Walang tao.

*[Tutungo si B sa kabilang pinto, mabubuksan niya ito, saka lalabas. Papasok ulit s'ya.]*

Walang tao.

*[Hinto.]*

Tara na.

C: Sinukuan nila tayo, pare...

B: Tara na.

C: Tayo'ng nanalo, pare...

B: Tara na.

*[Lalabas silang dalawa sa kaliwang pinto. Katahimikan. Makikita natin ang mga bangkay sa sahig, ang tae, suka, dugo.*

*Maririnig lang natin ang mga yabag nina B at C sa labas.*

*Biglang papasok ulit si C. Titingnan niya ang buong kuwarto, ang bawat bangkay, ang tae, suka, at dugo.]*

TINIG NI B MULA SA LABAS: Tara na! Walang tao!

*[Dala ni C ang baril. Umiiyak siya, at ginagalugad ang bawat bangkay na nakahilata sa sahig.*

*Patuloy lang ang pagsigaw ni B mula sa labas ng "Tara na! Bukas lahat! Walang tao!, atbp."]*

C: Si...sinukuan nila tayo, p're...talo sila, e...uuwi na tayo, tapos matutulog tayo, 'di ba Dong? Ano?...*[Katahimikan.]* Sinukuan tayo –

*[Katahimikan. Titingnan niya ang buong silid. Iiling, luhaan. Babarilin niya ang kanyang sarili.*

*Daragundong ang ingay ng putok sa buong mundo. Babalik si B, titingnan ang mga bangkay, ang tae, suka, at dugo. At si C, nakasalampak sa sahig, patay.*

*Pagkuwan, lalabas siya.*

*Katahimikan, dahil wala nang katau-tao.]*

WAKAS